REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 98-03**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGKAKALOOB NG "EXTRA ESSENTIAL WORK INCENTIVE" PARA SA ISANG (1) PANGSANGAY NA TAGAPAMAHALA, ISANG (1) PANGALAWANG PANGSANGAY NA TAGAPAMAHALA, LABING-ANIM (16) NA PUNONGGURO, LIMANG (5) TAGAMASID NA PANGSANGAY, ISANG (1) TAGAMASID PAMPUROK AT ISANG (1) ADMINISTRATIVE OFFICER.**

************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang mga Pangunahing Pinuno ng mga Paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa, tulad ng Pangsangay na Tagapamahala, Pangalawang Pangsangay na Tagapamahala, Punongguro, Tagamasid na Pangsangay, Tagamasid Pampurok at Administrative Officer ay gumagampan ng tungkulin na iniatang sa kanila ng may kahusayan at kasanayan;

**SAPAGKAT,** ang mga tungkulin na sa kanila ay iniaatang ay isang kagalang-galang na posisyon na nagpapataas ng pagkilala ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, sa mga tungkuling kanilang ginagampanan, ang suweldo, na kanilang tinatanggap ay hindi tumatapat (commensurate) sa ipinagkakaloob nilang serbisyo;

**SAPAGKAT,** upang maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay at patuloy na maipakita ang dedikasyon sa kanilang tungkulin nararapat na sila ay mabigyan ng insentibo;

**SAPAGKAT,** ayon sa itinatadhana ng RA 7160 Seksiyon 458 (ix) ang Pamahalaang Lungsod ay may kapangyarihan na magbigay ng karagdagang allowance at iba pang insentibo sa mga guro ng Pampublikong Paaralan sa Elementarya at High School kung ipinahihintulot ng katayuang Pinansiyal ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, ang Pamahalaang Lungsod ay may sapat na halaga upang ipagkaloob sa mga nabanggit na Pinuno ang halagang **Isang Milyon Dalawampung Libong Piso (P1,020,000.00)** na kukunin sa General Funds Budget para sa Extra Essential Work Incentive na Limang Libong Piso (P5,000) kada buwan;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagtibay ng Sangguniang Panlungsod ang paglalaan ng halagang **Isang Milyon Dalawampung Libong Piso (P1,020,000.00)** para sa isang (1) Pangsangay na Tagapamahala, isang (1) Pangalawang Pangsangay na Tagapamahala, labing-anim (16) na Punongguro, limang (5) Tagamasid na Pangsangay, isang (1) Tagamasid Pampurok at isang (1) Administrative Officer.

**PINAGTIBAY, PANG MULI,** ang pagkakaloob nito para sa mga susunod pang taon.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **2 Pebrero 1998, sa ginanap na ika-apat (4th) na Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

*Pahina -3-*
***Kautusang Panglungsod Bilang 98-03***

| | |
|---|---|
| **KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**<br>Kinatawan ng Sektor<br>Pangulo<br>Asosasyon ng mga Punong-Barangay | **KGG. ALLAN REY A. CAMILON**<br>Kinatawan ng Sektor<br>Pangulo<br>Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod
Petsa : 2/16

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196